# ANG SAKIT NA MICROBYONG EBOLA – PANGKALAHATANG IMPORMASYON

## ANO ANG SAKIT NA MIKROBYONG EBOLA?

Ang sakit na mikrobyong Ebola ay malubha, at kadalasan ay nakakamatay ang mikrobyong dulotng sakit na ito. Para sa pinakabagong impormasyon ng Ebola at laganap na pagkakalat nito, pumunta sa http://www.cdc.gov/vhf/ebola/.

## ANU-ANO ANG MGA SINTOMAS NG SAKIT NA MIKROBYONG EBOLA?

Ang sintomas ng sakit na mikrobyong Ebola ay kadalasang may kasamang lagnat. Yung ibang sintomas ay sakit ng ulo, pagtatae, pagsusuka, panghihina, masasakit ang mga kasukasuan at mga kalamnan, masakit ang tiyan, walang ganang kumain at pagdudugo. Ang mga sintomas ay maaaring katulad ng ibang kadalasang pangkaraniwang impeksiyon. Lumilitaw ang mga sintomas 2-21 araw matapos mahawa sa mikrobyo, subalit kalimitan nangyayari sa loob ng 8-10 araw matapos mahawaan.

## PAANO NAGKAKALAT ANG EBOLA?

Ang mga taongmay sakit na Ebola at walang lagnat ay hindi nakakahawa at hindi nakakapaglipat ng sakit sa ibang tao. Ang mikrobyong Ebola ay inililipat sa pamamagitan ng direktang pagdikit sa dugo o likido sa katawan ng taong nasalinan o kontaminadona may pinapakitang sintomas o sa pagkalantad sa mga bagay (gaya ng mga karayom) na nakontanima ng may impeksiyon na likido sa katawan. Nahahawaan din sa pamamagitan ng direktang paghawak ng mga paniki, daga o mga unggoy sa lugar na may Ebola.

## SINO ANG NANGANGANIB SA EBOLA?

Ang mga taong **kararating lang mula sa bansa na may Ebola**, at ang may mga:

- Nakahawak ng dugo o iba pang likido ng katawan ng pasyente o patay na pinaghihinalaang may Ebola o
- Direktang humahawak ng mga paniki, daga o unggoy

Kung sino man ang may sintomas ng sakit na mikrobyo ng Ebola at ang may posibleng pagkalantad o na-*exposed*, dapat ang taong iyan ay magpatingin agad sa isang tagapangalaga ng kalusugan.

## ANO ANG GAMOT SA EBOLA?

Walang tiyak na gamot sa Ebola; ang paggamot ay limitado lamang sa mahigpit na pag-aalaga at pagtulong sa pangangailangan ng pasyente sa ospital.

## ANO ANG PANGANIB NG EBOLA SA MARYLAND?

Sa kasalukuyan, lubhang mababa ang panganib na mahawaan ng Ebola sa Maryland. Pag makilala ang isang kaso, may mga nakatatag na mga patnubay upang mapigil agad ang impeksiyon at pagkahawa.

MARYLAND DEPARTMENT OF HEALTH
Office of Preparedness and Response

Updated 05/2019

# ANO ANG GINAGAWA NG KAGAWARAN NG KALUSUGAN AT KALINISAN NG ISIP (MDH)?

Ang MDHay nagmamanman sa kalagayan ng bansa at ng mundo at palaging nakikipanayam sa *Centers for Disease Control and Prevention* (CDC). AngMDH ay nagmamatyag sa sakit at palaging kumakausap at nag bibigay ng mga patnubay sa mga ospital at mga tagapangalaga ng kalusugan sa Maryland. AngMDHay nakikipag-ugnayan sa mga tagapangalaga ng kalusugan at mga lokal na kagawaran ng kalusugan upang madaling suriin ang mga balita ng posibleng impeksiyon ng Ebola.

# SAAN KO MAKUKUHA ANG KARAGDAGANG KAALAMAN?

Para sa karagdagang impormasyon ng Ebola pumunta sa http://www.cdc.gov/vhf/ebola/ y health. maryland.gov/ebola.

# KARAGDAGANG IMPORMASYON

preparedness.health.maryland.gov
facebook.com/MarylandOPR
twitter.com/MarylandOPR

health.maryland.gov
facebook.com/MarylandDHMH
twitter.com/MDHealthDept

Updated 05/2019